**Advisory No. AAV-002-2021**

EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
سفارة جمهورية الفلبين
MANAMA

# MAHALAGANG PAALALA

Ngayon hapon, inanunsiyo ng Ministry of Health ng Bahrain na mayroon nang na diskubre na bagong strain o bagong uri ng COVID-19 sa mga aktibong kaso ng COVID-19 dito sa Bahrain. Bukod dito, inanunsiyo din ng Bahrain National Task Force against COVID-19 ang muling pagtaas ng mga bagong aktibong kaso nitong mga nakaraang araw.

Ayon sa desisyon ng National Task Force, mula sa **ika-31 ng Enero 2021** hanggang sa matapos ang tatlong linggo, ang mga sumusunod na hakbang ay ipatutupad ng pamahalaan ng Bahrain:

1) Suspension ng face-to-face classes ng mga paaralan at pagpapatupad ng online learning lamang; at
2) Suspension ng indoor dining sa mga restawran o cafes.

Dahil dito, at alinsunod sa mga gabay ng Ministry of Health ng Bahrain, ay muling nagpapaalala ang Pasuguan ng Pilipinas na ang lahat sa ating komunidad ay kinakailangang magpatuloy sa pag-iingat at pag obserba ng mga health and safety protocols na ipinatutupad ng bansang Bahrain upang makaiwas sa pagkalat ng coronavirus.

Panatiliin ang social distancing, pagsusuot ng face masks lalo na sa mga pampublikong lugar, at palagiang maghugas ng kamay o gumamit ng epektibong hand sanitizers. Iwasan din ang paglabas ng bahay kung hindi naman ito kinakailangan. Hinihikayat din ang lahat na magrehistro para sa libreng bakuna kung kayo ay hindi pa nakakapagpabakuna.

Umaasa ang Pasuguan sa pakikiisa nating lahat para sa proteksyon ng bawat isa at ng ating mga pamilya. Maraming Salamat po!

Manama, 27 January 2021.

PHILIPPINE EMBASSY
MANAMA

**ALFONSO A. VER**
Ambassador

Villa No. 939, Road No. 3220, Block 332, Mahooz, Manama, Kingdom of Bahrain
Tel No. (+973) 17721234 / Fax: (+973) 17720827
www.manamape.dfa.gov.ph